

Ut in confessióne veræ sempiternæque Deitátis, et in persónis proprietas, et in esséntia únitás, et in maiestáte adorétur æquálitás.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotidie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

ANTIPONA SA KOMUNYON • Ps 118:4-5

TU mandásti mandáta tua custodíri nimis: útinam dirigántur viæ meæ, ad custodiéndas iustificatiónes tuas.

PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

TUA nos, Dómine, medicinális operátio, et a nostris perversitátibus cleménter expédiat, et tuis semper fáciat inhærére mandátis. Per Dóminum.

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

INIUTOS Mo na ang Iyong mga tuntunin ay sunding matapat. Sana'y maging matapat ako't matatag na ingatan at sundin itong Iyong mga tuntunin!

ANG nakagagaling na paggawa mo sa amin, Panginoon, nawa'y lingapin kami mula sa aming mga kabuktutan, at itulot Mong makasunod kaming lagi sa Iyong mga ipinaguutos. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

Hermanidad de Sagrada Eucaristia
Latin Mass Society of Cavite
Comision Para sa Pagsasalin

IKALABING-SIYAM NA LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

Misa "Salus populi"

• II cl. • Semidoble • Luntian

PAMBUNGAD NA ANTIPONA

SALUS pópuli ego sum, dicit Dóminus: de quacúmque tribulatióne clamáverint ad me, exáudiam eos: et ero illórum Dóminus in perpétuum. — *Ps 77:1* Attendite, pópule meus, legem meam: inclináte aurem vestram in verba oris mei. *V.* Gloria Patri. Salus populi.

AKO ANG KALIGTASAN ng mga tao, sabi ng Panginoon: sa panahon ng kanilang paghihirap, tumawag sila sa akin at dininig ko sila: at ako ang magiging Panginoon nila magpakilanman. — *Salmo 77:1* Pakinggan ninyong mabuti, aking bayan, itong mga ipinaguutos ko: ikiling ninyo ang inyong mga tainga sa mga salitang bibitawan ko. *V.* Luwalhati sa Ama. — Ako ang kaligtasan...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

OMNIPOTENS et miséricors Deus, univérsa nobis adversántia propitiátus exclúde: ut mente et córpore páriter expédi, quæ tua sunt, líberis méntibus exsequámur. Per Dominum.

MAKAPANGYARIHAN at mahabaging Dios, iadya mo kami sa lahat ng kagipitan, upang kaming ligtas sa anumang kapahamakan sa isip at katawan, maisakatuparan nawa naming may payapang kalooban ang mga ipinaguutos Mo. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

SULAT • Ef 4:23-28

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso.

MGA KAPATID: Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong **M**isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan. Dahil dito, itakwil na natin ang pagsisinungaling at tayong lahat ay magsabi ng totoo sa isa't isa, sapagkat tayo'y bahagi ng iisang katawan. Kung magagalit man kayo, iwasan ninyo ang kayo'y magkasala. Huwag ninyong hayaang lumubog ang araw na galit pa rin kayo. Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon ang diyablo.

Ang magnanakaw ay huwag nang magnakaw; sa halip, magtrabaho siya nang marangal para sa sariling ikabubuhay at makatulong sa mga nangangailangan.

— **R. Salamat sa Diyos.**

PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 140:2; Ps 104:1

DIRIGATUR oratio mea, sicut incensum in conspectu tuo, Dómine.

V. Elevatio mánuum meárum sacrificium vespertinum.

Allelúia, allelúia. V. Confitémini Dómino, et invocáte nomen eius: annuntiáte inter gentes ópera eius. **Alleluia.**

IBILANG mo ang aking dalangin na parang insenso sa iyong harapan, Poon:

V. At ang pagtataas ng aking mga kamay na parang handog sa kinahapunan.

Aleluya, aleluya! V. Magpasalamat tayo sa Panginoon at tawagin ang Kaniyang Ngalan: ipakilala natin ang kaniyang mga gawa sa lahat ng bansa. **Aleluya.**

EBANGHELYO • Mt 22:1-14

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

NOONG PANAHOONG IYON: Muling nagsalita si Jesus sa mga punong pari at mga Pariseo sa pamamagitan ng talinghaga. Sinabi niya, “Ang kaharian ng langit ay katulad ng isang haring nagdaos ng isang handaan para sa kasal ng kanyang anak na lalaki. Isinugo niya ang kanyang mga lingkod upang tawagin ang mga inanyayahan, ngunit ayaw nilang dumalo. Muli siyang nagsugo ng ibang mga lingkod at kanyang pinagbilinan ng ganito: ‘Sabihin ninyo sa mga inanyayahan na nakahanda na ang mga pagkain, kinatay na ang aking mga baka at mga pinatabang guya, at handa na ang lahat. Halina kayo!’ Ngunit hindi ito pinansin ng mga inanyayahan. Sa halip, pumunta sila sa kani-kanilang lakad. May nagpunta sa kanyang bukid at mayroon namang nag-asikaso ng kanyang negosyo. Sinunggaban naman ng iba ang mga lingkod, hinamak at pinatay. Galit na galit ang hari kaya’t pinapunta niya ang kanyang mga kawal upang puksain ang mga mamamatay-taong iyon at sunugin ang kanilang lungsod. Pagkatapos, sinabi niya sa kanyang mga lingkod, ‘Nakahanda na ang mga pagkain ngunit hindi karapat-dapat ang mga inanyayahan. Pumunta kayo sa mga pangunahing lansangan at inyong anyayahan sa kasalan ang lahat ng makita ninyo.’ Pumunta nga sa mga lansangan ang mga lingkod at isinama nila ang lahat ng kanilang natagpuan, masasama’t mabubuti, at napuno ng mga panauhin ang bulwagang pangkasalan. Pumasok ang hari upang tingnan ang mga panauhin. Nakita niya ang isang taong hindi nakadamtang pangkasalan.

Tinanong niya ito, ‘Kaibigan, bakit ka pumasok dito nang hindi nakasuot ng damit pangkasalan?’ Hindi nakasagot ang tao, kaya’t sinabi ng hari sa mga lingkod, ‘Talian ninyo ang kanyang kamay at paa, at itapon siya sa kadiliman sa labas. Doo’y mananangis siya at magngangalit ang kanyang mga ngipin.’” Pagkatapos nito’y sinabi ni Jesus, “Marami ang tinatawag, ngunit kakaunti ang pinili.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ **May Credo o Sumasampalataya.**

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 137:7

SI ambulávero in médio tribulatiónis, vivificábis me, Dómine: et super iram inimicórum meórum exténde manum tuam, et salvum me fáciet dextera tua.

BAGAMAN ako’y lumalakad sa gitna ng kaguluhan, kinukupkop mo ako, Panginoon: iyong iniuunat ang iyong kamay laban sa poot ng aking mga kaaway, at ililigtas ako ng iyong kanang kamay.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

HAEC múnera, quásumus, Dómine, quæ óculis tuæ maiestátis offérimus, salutária nobis esse concéde. Per Dóminum.

ISINASAMO namin, Panginoon, na ang mga kaloob na aming iniaalay sa iyong mahal na harapan ay pakinabangan namin para sa aming kaligtasan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

VERE DIGNUM et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in uníus Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine différentia discretiónis sentímus.

TUNAY NGANG MARAPAT at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka’t kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.